

Lynnwood Link Connections

Buod ng Pakikipag-ugnayan sa Publiko sa Phase 3

Hulyo-Agosto 2023



Pakikipag-ugnayan sa Phase 3 – Panukalang Serbisyo

Isinagawa noong Hulyo-Agosto 2023

Mga Layunin

Ang hangarin para sa pakikipag-ugnayan sa Phase 3 ay upang maipaalam sa pangkalahatang publiko—kasama na ang mga sumasakay sa mga apektadong komunidad—ang tungkol sa panukalang serbisyo ng bus, at maipaliwanag kung paano nakaaapekto sa mga update sa network ang input ng komunidad mula sa Phase 2. Sa pakikipag-ugnayan sa Phase 3, humingi ng feedback tungkol sa tatlong pangunahing lugar ng proyekto sa hilagang Seattle, Shoreline, at Northshore/SR-522/Mountlake Terrace, pati na sa network para sa buong lugar ng proyekto. Sa huling phase na ito ng feedback, sinikap na tukuyin ang anumang natitirang mga lugar na may isyu na hindi pa natugunan sa updated na Panukalang Serbisyo sa Phase 3.

Itinuon din ang outreach, pakikipag-ugnayan, at pagsusuri ng feedback sa mga prioridad na populasyon¹ ng Metro, na mahalagang parte ng customer base ng ahensiya pero hindi sapat na naikakatawan mula pa noon sa mga proseso ng pagpapasya sa Metro.

Sa Phase 3, nangolekta ang Metro ng feedback sa mga sumusunod na channel: mga resulta ng survey, ulat ng feedback mula sa mga kaakibat sa Organisasyon sa Komunidad, in-person outreach sa mga lokasyon ng transit at event sa komunidad, feedback mula sa mga inihalal na tagapamuno at kawani sa lungsod sa buong lugar ng proyekto, virtual open house, komento sa customer service, tagapagmaneho ng bus ng Metro at iba pang kawani mula sa North Base, at email sa team na nakalaan sa proyekto.

Pagkatapos ng pampublikong phase ng pakikipag-ugnayan, sinuri ng Metro ang mga resulta ng pakikipag-ugnayan kasama ng Mobility Board (Lupon para sa Mobility) at Partner Review Board (Lupon para sa Pagsusuri ng mga Kaakibat) na nakatalaga sa proyekto. Sa tulong ng pagsusuring ito, nabibigyang-prioridad kung anong mga lugar na may isyu ang pinakamahalagang masubukang tugunan bago isapinal ang network. Ipinakikita sa sumusunod na chart ang mga ranking sa prioridad ng Mobility Board.

¹ Kasama sa mga prioridad na populasyon ang mga miyembro ng komunidad na maaaring may kita ng sambahayan na \$35,000 pababa, may kapansanan, imigrante o refugee, eksklusibong gumagamit ng isang wika bukod sa English sa bahay o kabilang sa isang lahi at/o etnisidad bukod sa Non-Hispanic White.

Ang Nalaman Namin sa Pakikipag-ugnayan sa Phase 3

Sa Phase 3, nakatanggap ang Metro ng 3,218 kompletong sagot sa survey, at ng karagdagang 680 parsiyal na sagot. Bukod pa sa feedback sa survey, nakatanggap rin ang Metro ng feedback sa kalidad tungkol sa Panukalang Serbisyo sa Phase 3 sa:

- Outreach at feedback mula sa apat na pakikipagtulungan sa Organisasyon sa Komunidad.
- 14 pakikipagpulong sa mga pangunahing madla kasama na ang mga provider ng pabahay para sa may kwalipikadong kita, grupo sa kapitbahayan, organisasyon sa komunidad, konseho ng lungsod, inihalal na tagapamuno at grupong tagapagpayo sa transit.
- Mahigit 105 oras na in-person outreach sa komunidad at mga lokasyon ng transit.
- Tatlong online virtual open house, kasama na rito ang pag-interpret sa maraming wika
- 14 event sa komunidad, na may hindi bababa sa isa sa bawat lungsod sa lugar ng proyekto.
- Mga nakasulat na komento sa email na HaveASay ng Metro.

Kasama sa piling demograpikong impormasyon mula sa mga respondent ng survey ang sumusunod.

- 64% ang kabilang sa priyoridad na populasyon
- 15% ang kabilang sa namumuhay nang may kapansanan
- 18% ang kabilang sa walang access sa sasakyan
- Mga respondent ayon sa edad:
 - Mas bata sa 25 – 7%
 - 25-34 – 15%
 - 35-44 – 15%
 - 45-54 – 12%
 - 55-64 – 11%
 - 65+ – 11%
 - Blangko – 30%
- Mga sagot ayon sa lugar ng proyekto:
 - North Seattle: 51%
 - Shoreline: 28%
 - Northshore at Mountlake Terrace: 21%


Itinanong sa survey kung nasisiyahan sa network sa bawat subarea, pati na sa buong network. Nakalagay sa ibaba ang mga resulta kung nasisiyahan:

- Hilagang Seattle
 - Positibo: 56%
 - Neutral: 15%
 - Negatibo: 29%
- Shoreline
 - Positibo: 70%
 - Neutral: 16%
 - Negatibo: 14%
- Northshore at Mountlake Terrace:

- Positibo: 59%
- Neutral: 16%
- Negatibo: 25%
- Kabuoang network
 - Positibo: 66%
 - Neutral: 17%
 - Negatibo: 17%

Sa pagsusuri sa natanggap na feedback sa survey at iba pang pagsisikap na makipag-ugnayan, tinukoy ng Metro ang pitong pangunahing lugar na may isyu, na ipinakikita sa mapa sa ibaba. Pagkatapos, sinuri namin ang mga lugar na may isyu na ito gamit ang mga pamantayan sa pagpapasya para sa proyekto tungkol sa pinakamahuhusay na kasanayan sa pakikipag-ugnayan, pagiging patas, at disenyo ng serbisyo.

Mapa ng mga Pangunahing Lugar na May Isyu mula sa Pakikipag-ugnayan sa Phase 3



Inilalarawan sa chart sa ibaba ang pitong pangunahing lugar na ito, pati na ang mga ranking sa priyoridad ng Mobility Board. Gamit ang mga pamantayan sa pagpapasya para sa proyekto at

ang inaasahang antas ng mga resource na kailangan upang matugunan ang bawat lugar na may isyu, niranggo ng Mobility Board ang bawat lugar na may isyu bilang isa sa mga sumusunod na opsiyon:

- Mayroon Dapat: mahalaga ito para sa ikatatagumpay ng proyekto
- Maganda kung Mayroon: mapagaganda nito ang proyekto, pero hindi ito dapat makaapekto sa iba pang ruta, hangga't maaari
- Walang Pagbabago: huwag unahing baguhin ang mga lugar na ito

Itinatala sa **Antas ng mga Resource na Kailangan sa Pagtugon** kung ilang oras ng serbisyo ng transit ang kakailanganin upang matugunan ang bawat isyu.

Paglalarawan ng mga Pangunahing Lugar na May Isyu mula sa Pakikipag-ugnayan sa Phase 3

Ang mga numero sa lugar na may isyu na nakalagay sa chart ay tumutukoy sa mga numerong nasa mapa sa itaas at walang kinalaman sa anumang pamamaraan ng pagbibigay-prioridad.

#	Lugar na May Isyu	Antas ng mga Resource na Kailangan sa Pagtugon	Inirerekomenda ng Mobility Board
1	Pag-alis ng serbisyo sa Latona Ave (Route 20)	Katamtaman-Mataas	Walang Pagbabago
2	Pagkawala ng tuloy-tuloy na serbisyo sa Meridian Ave, walang serbisyong pahilaga at patimog sa pagitan ng 145 th at 175 th	Mataas	Maganda kung Mayroon
3	Hindi nasisiyahan sa koneksiyon ng Bothell hanggang UW (hindi gustong magpalipat-lipat)	Katamtaman-Mataas	Walang Pagbabago
4	Gusto ng mas madalas na serbisyo sa Route 77 at 75 – lalo na sa weekend	Katamtaman	Maganda kung Mayroon
5	Access sa South Lake Union (Route 320)	Katamtaman-Mataas	Maganda kung Mayroon - neutral ang preference budget
6	Pag-alis ng serbisyo papunta/paalis sa Broadview (Route 28, mga biyahe lang sa abalang oras)	Katamtaman	Walang Pagbabago
7	Pag-alis ng serbisyo sa 15 th Ave NE sa timog ng Northgate Way (Route 73)	Mataas	Walang Pagbabago

Abangan

Batay sa mga ranking sa prioridad ng Mobility Board, nagsisikap ang Metro na makabuo ng pinal na network na sasailalim sa pag-apruba ng King County Council. Ipo-post ang pinal na panukala sa [webpage ng Lynnwood Link Connections](#) kapag ipinasa na ito para sa pagsasaalang-alang ng konseho.

Inaasahan ng Metro na magsisimula na ang mga pagbabago sa Agosto 31, 2024 kung kailan nakatakdang baguhin ang serbisyo, kapag binuksan na ang proyekto ng light rail na Pagpapalawak sa Lynnwood Link ng Sound Transit.

If you would like more information in your preferred language, please visit our Lynnwood Link Connections project page ([Lynnwood Link Connections - King County Metro Transit](#)) or contact us at haveasay@kingcounty.gov

Póngase en contacto con nosotros

Por correo electrónico (en el idioma que prefiera) a: haveasay@kingcounty.gov

联系我们

以电子邮件（以您的首选语言）发送至：haveasay@kingcounty.gov

聯絡我們

通過電子郵件（以您的首選語言）發送至：haveasay@kingcounty.gov

እናን ያግኙን

በሚመርጡት ቋንቋ ይህን ኢሜል ተጠቅመው haveasay@kingcounty.gov ያግኙን

お問い合わせ先

電子メールの宛て先（ご希望の言語で）：haveasay@kingcounty.gov

연락처

이메일 (귀하께서 선호하시는 언어로 보내십시오): haveasay@kingcounty.gov

Свяжитесь с нами

Пишите нам (на удобном вам языке) на адрес электронной почты:
haveasay@kingcounty.gov

Nalasoo Xariir

limeel ahaan (luuqada aad doorbido): haveasay@kingcounty.gov

Makipag-ugnayan sa amin

Sa pamamagitan ng email (sa wikang gusto mo) sa: haveasay@kingcounty.gov

Liên hệ với chúng tôi

Qua email (bằng ngôn ngữ của quý vị) tại: haveasay@kingcounty.gov